**International Journal of Research Studies in Education**
2025 Volume 14 Number 8, 33-42




# Isang pagsusuri sa paggamit ng "nang" at "ng" sa mga mag-aaral

Dela Peña, Himeji-Ken V. ✉
*Cebu Technological University - Consolacion Campus, Philippines (Kendelapea@gmail.com)*

**Received**: 31 March 2025 **Revised**: 20 April 2025 **Accepted**: 21 April 2025
**Available Online**: 25 April 2025 **DOI**: 10.5861/ijrse.2025.25059

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

***Abstract***

This study aimed to examine the correct use of "nang" and "ng" among grade 10 students at Tayud National High School, Consolacion, Cebu. A Static Group Comparison Design was used, where respondents answered a preliminary assessment to assess their ability to correctly use "nang" and "ng" using conventional teaching methods. In the final performance, the Cloze Passage strategy was used to assess the correct use of "nang" and "ng" and to improve their knowledge and interest in their correct use in sentences. The study found that the use of the Cloze Passage strategy had a positive effect. On the students' assessment, especially in the correct use and interest in "nang" and "ng". The results of the study show that using the Cloze Passage strategy, the students' interest is aroused more and their use of "nang" and "ng" becomes more correct. This shows that the use of Cloze Passage is an effective strategy in teaching the correct use of "nang" and "ng". The study recommended that Cloze Passage be included in the curriculum to improve students' knowledge of correct grammatical usage.

***Keywords:*** correctness, proper use, Filipino Teaching Tayud National High School

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Isang pagsusuri sa paggamit ng "nang" at "ng" sa mga mag-aaral

## 1. Introduction

Ang mga salitang “nang” at “ng” ay kadalasang ginagamit sa pagbuo ng isang pangungusap. Ang “nang” ay ginagamit kapag sumasagot sa mga tanong patungkol sa petsa o oras, at pandiwa na nauulit. Halimbawa na lamang ng pangungusap na “Ginabi nang umuwi si Maria kaya pinagalitan siya ng kanyang magulang.” Ang salitang “ng” naman ay kadalasang sinusundan ng pangngalan na salita. Halimbawa, “Gumawa kami ng pan de coco sa bahay.” Ginagamit ang mga ito upang magbigay-kahulugan sa isang pangungusap o pangungusap na walang direktang pandiwa. Ngunit hindi maipagkakailang ang mga tao ay nahihirapan pa rin kung ano ang angkop na gagamiting panghalip na "nang" at "ng" sa pagbuo ng isang pangungusap na kadalasang nagdudulot ng kalituhan sa mga mag-aaral lalo na yung mga hindi bihasa sa wikang Filipino. Ang kawastuhan sa gramatikang paggamit ng "nang" at "ng" ng mga mag-aaral ang siyang pinagtutuunang pansin ng pag-aaral na ito.

Ayon kay Garzon (2019), maraming gamit ang salitang “ng” tulad ng: kapag sinusundan ito ng pang-uri, pangngalan, nagsasaad ng pagmamay-ari, at pananda sa gumaganap ng pandiwa sa pangungusap. Ayon naman sa pag-aaral ni Santos (2019), ipinakita niya ang iba't ibang gamit ng salitang 'nang' sa pagpapahayag ng pangyayari sa Filipino, kabilang na ang pagtukoy sa panahon, paraan, at layunin ng kilos. Dagdag pa ni Jaime (2022), ito ay maliwanag sa “Ng” at “Nang” na pareho ng tunog, ngunit ang “ng” ay gumaganap bilang pangatnig, na nagkokonekta sa isang pandiwa sa paksa nito, samantalang ang “nang”, ay pangatnig din ngunit ginagamit ito upang kumonekta ng isang pang-abay sa pandiwa na inilaan nitong baguhin.

Kailangang paghusayan ang wastong gamit ng “nang” at “ng” upang magkaroon ng kalinangan sa gramatikal na paggamit sa wikang Filipino. Kinakailangang maiwasto ang karaniwang pagkakamali ng dalawang ito sa pagbuo ng isang pangungusap upang mapabisa at mapabuti ang nais ipabatid na mensahe o pahayag. Bagamat para sa iba ay hindi na kailangang linangin ang ating kakayahan sa wikang Filipino, hindi maipagkakailang kailangang iunlad natin ang ating mga sarili sa pagiging mahusay na paggamit ng wastong balarila ng “nang” at “ng” upang maging isang epektibong komunikatibo na mamamayang pilipino.

Base sa karanasan ng mga mananaliksik, may mga pagkakataon na nagdudulot pa rin ito ng kalituhan at kung ano ang kaibahan ng dalawa lalo na sa wastong paggamit sa paraang pasulat. Mas madali para sa mga mananaliksik na gamitin ang dalawang ito sa paraang pakikipag-usap dahil magkatunog lang ito. At dahil sa ito’y binibigkas nang parehas, nawawalan ng kumpyansa sa sarili ang mga mananaliksik sa kung ano ang tamang isusulat at kung ano ang dapat pipiliin sa dalawa. Pinatunayan ito ni Salazar (2021) sa kanyang pag-aaral na pinamagatang “Pagkilala sa Wastong Gamit ng “Nang” at “Ng” ng mga mag-aaral na I BSIT ng Pang- Estadong Unibersidad ng Pangisanan, Lingayen Campus” na bilang siya’y nagpapakadalubhasa sa asignaturang Filipino, isang malaking hamon para sa kanya ang hindi sapat na kaalaman ng mga mag-aaral sa pagkakaiba ng dalawang ito.

Ang pag-aaral na ito ay napapanahon sapagkat malaki ang ginagampanang papel ng wastong gramatika sa wikang Filipino ng mga magaaral. Ang pagkakamali sa paggamit nito ay maaaring magdulot ng pagkakaiba ng kahulugan sa isang pangungusap o teksto. Sa kasalukuyang panahon kung saan ang komunikasyon ay isa sa mga pangunahing pangangailangan, mahalagang bigyang pansin ang tamang paggamit ng mga gramatika gaya ng "nang" at "ng" upang magkaroon ng kahusayan sa paggamit ng wikang Filipino. Ang pagpapahalaga sa tamang paggamit ng "nang" at "ng" sa wikang Filipino ay hindi lamang nagpapabuti sa kasalukuyang komunikasyon ng mga mag-aaral kundi nagpapalalim din sa kanilang pag-unawa sa kahalagahan ng wika sa kanilang identidad at kultura. Sa pamamagitan ng wastong paggamit ng gramatika, nagiging epektibo at mabisa ang komunikasyon ng mga indibidwal sa iba't ibang larangan ng kanilang buhay.

Ang pananaliksik na ito ay maaaring makatulong sa mga mag-aaral na palawakin ang kanilang kaalaman sa tamang paggamit ng mga tuntunin ng gramatika sa wikang Filipino. Makakatulong ito sa kanilang mga akademikong gawain na maipahayag ang kanilang mga ideya ng buong husay at tamang paggamit ng gramatika. Malaking tulong din ito sa mga guro upang pagtuunan ng pansin ang kakulangan ng kaalaman ng ibang mag-aaral sa paggamit ng "nang" at "ng". Ang pagtutok ng mga guro sa pagtuturo at pagpapahalaga sa wastong paggamit ng gramatika, lalo na sa paggamit ng "nang" at "ng," ay nagbibigay ng oportunidad para sa mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa wikang Filipino. Sa pamamagitan ng mahusay na pagtuturo at paggabay, natutulungan ng mga guro ang kanilang mga mag- aaral na malampasan ang mga hamon sa paggamit ng wika at magkaroon ng kumpiyansa sa kanilang kakayahan sa pagsulat nito.

Ang wastong paggamit ng "nang" at "ng" sa wikang Filipino ay mahalaga upang maiwasan ang kalituhan sa pangungusap. Ang "nang" ay ginagamit sa pagtukoy sa petsa, oras, at pandiwa na nauulit, habang ang "ng" naman ay sinusundan ng pangngalan. Mahalaga ang wastong paggamit ng dalawang ito upang maging epektibo at maayos ang pagpapahayag sa wikang Filipino. Ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga mag-aaral sa pagpapalawak ng kaalaman sa tamang paggamit ng gramatika sa wikang Filipino at maaaring magsilbing gabay sa kanilang akademikong gawain at pagpapahayag ng mga ideya nang wasto at maayos.

***Layunin*** - Ang pag-aaral na ito ay naglalayong masuri ang kasanayan ng mga magaaral sa Baitang 10 ng Tayud National High School, Tayud, Consolacion, Cebu sa paggamit ng "nang" at "ng" sa Taong Panuruan 2023-2024 gamit ang Cloze Passage sa pagtuturo bilang gabay sa pagbuo ng kagamitang pampagtuturo na tutugon sa kakulangan ukol sa larangang ito.

Tinitiyak din na matugunan ang mga sumusunod:

- Ano ang antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa paunang pagganap gamit ang kumbensyonal na paraan sa wastong pagkakagamit ng “nang” at “ng” ayon sa sumusunod na pamantayan: Range (Iskor), Deskripsyon, Interpretasyon?
- Gamit ang Cloze Passage strategy, ano ang antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa panghuling pagganap batay sa mga tinutukoy na pamantayan?
- May makabuluhan bang pagkakaiba sa performans ng mga respondenteng mag-aaral pagkatapos ng pauna at panghuling pagganap?
- Ano ang saloobin ng mga respondenteng mag-aaral pagkatapos gamitin ang Cloze Passage bilang estratehiya sa kawastuhan sa paggamit ng “nang” at “ng”?
- Batay sa mga matutuklasan, anong estratehiya o kagamitang pampagtuturo ang gagamitin sa paglinang ng wastong pagkakagamit ng "nang" at "ng"?

## 2. Methods

Ang pag-aaral ay gagamit ng Static Group Comparison Design upang suriin ang dalawang magkaibang grupo kung may pagkakaiba sa mga resulta (Campbell & Stanley, 1963), Ang mga respondente ng pananaliksik na ito ay binubuo ng isang-daan dalawampu (120) mag-aaral na nagmumula sa Baitang 10 ng Tayud National High School. Sa pag-aaral na ito, ang pangunahing layunin ay suriin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa tamang paggamit ng mga salitang "nang" at "ng." Ginamit ang talatanungan bilang isang kasangkapan upang makolekta ang mga datos mula sa mga mag-aaral. Ang mga tanong sa kwestyuner ay idinisenyo upang matukoy ang mga posibleng pagkakamali o kahinaan sa paggamit ng mga salitang "nang" at "ng." Sa pamamagitan ng mga sagot ng mga respondente, maaaring matukoy ang mga area ng pag-aaral na nangangailangan ng dagdag na pagtutok o tulong.

Gumamit ng purposive sampling ang mga mananaliksik para maging batayan sa pagpili ng mga respondente.

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang respondente ng pag-aaral. Layunin nito ang pagkakalap ng mga datos upang matiyak ang katumpakan ng haypotesis. Sa proseso ng pagsasaliksik, magagamit ang mga sumusunod na instrumento: marka ng mga respondenteng mag-aaral sa Paunang at Panghuling pagganap, at mga resulta ng talatanungan. Ang marka sa mga pagganap ay susuriin sa aspetong kwantitatibo, habang ang interpretasyon at pagsusuri ng mga datos ay magiging pangunahing bahagi ng aspetong kwalitatibo. Ginamit ang kaukulang istadistikal na pagsusuri upang matiyak ang kasagutan sa mga suliraning tinukoy sa pag-aaral. Independent samples T-Test. Ginamit ito upang ihambing ang mean scores ng dalawang magkaibang grupo upang malaman kung mayroong makabuluhang pagkakaiba sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral na respondente gamit ang kumbensiyunal at ang pagtuturo ng Cloze Passage bilang pamamaraan sa wastong pagkakagamit ng "nang" at "ng." Mean. Ginamit ito upang malaman ang kabisaan ng Cloze Passage sa pagtuturo. Paraan ng Pagmamarka Sa pamamagitan ng pamantayang ito, malalaman ng mananaliksik kung gaano kahusay sa paggamit ng "nang" at "ng" ang mga mag-aaral. Ito ay dahil may mga tiyak na batayan na sinusundan, tulad ng tamang paggamit sa iba't ibang pangungusap. Ang pidbak na ibinibigay ng mananaliksik ay makatutulong sa mga mag-aaral na malaman kung ano ang kanilang mga kahinaan at kung paano sila magiging mas mahusay sa paggamit ng dalawang salitang ito.

## 3. Results and Discussion

Ang bahaging ito ay naglalarawan ng pagtatalakay, pag-aanalisa at pag-iisa-isa sa mga datos na nalikom. Binigyan ng pagpapakahulugan ang nalikom na impormasyon upang mabigyang kasagutan ang mga tiyak na suliranin. Ang kabanatang ito ay tungkol sa paglalahad, pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga datos na nakuha mula sa talatanungan tungkol sa Kawastuhan sa paggamit ng “nang” at “ng” sa mga mag-aaral ng Baitang 10. Ito rin ay naglalahad ng kwalitatibong resulta kaugnay sa mga katanungan sa pagaaral na ito: ano ang antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa paunang pagganap gamit ang kumbensyonal na paraan sa pagtuturo ng wastong paggamit ng “nang” at “ng” ayon sa iskor, deskripsyon at interpretasyon, ano ang antas ng kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa panghuling pagganap gamit ang Cloze Passage na estratehiya sa paggamit ng nang” at “ng”. Maayos na sinusuri at binigyan ng pagpapakahulugan ang mga datos na nakalap galing sa mga respondenteng mag-aaral gamit ang Statistical Software. Sinuri ng maigi ang mga datos na nakuha galing sa paunang pagganap at panghuling at pagkatapos ay binigyan ito ng interpretasyon ng mga mananaliksik gamit ang mean at standard deviation.

**Talahanayan 1**
*Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Paunang pagganap Gamit ang Kumbensyonal na Paraan sa Wastong Pagkakagamit ng “Nang” at “Ng”*

| Scoring Range | Bilang ng mga respondenteng mag-aaral | Mean | Standard Deviation |
|---|---|---|---|
| 0-10 | 22 | 6.55 | 3.2 |
| 11-20 | 29 | 16.21 | 2.5 |
| 21-30 | 10 | 26.5 | 2.7 |

Legenda: 0-10 Kailangang Pahusayin, 11-20 Mahusay, 21-30 Napakahusay

Sa Talahanayan 1, napatunayan na ang mga mag-aaral ay may mahusay na kaalaman sa pagsagot sa paunang pagganap sa wastong paggamit ng “ng” at “nang” batay sa resulta (mean = 6.55, 16.21, 26.5) at (sd = 3.2, 2.5, 2.7). Batay sa pagsusuri, lumalabas na ang mga mag-aaral sa ikasampung baitang sa Tayud National High School ay ipinakita ang kanilang pag-unlad sa pagsagot ng paunang pagganap sa tamang paggamit ng “ng” at “nang”. Ang resulta ng aming paunang pagganap ay nagpapakita ng kanilang pag-unlad na kung saan naging mahusay ang resulta, ito ay nagpapakita ng kanilang kahandaan at kahalagahan sa kanilang pag-unlad bilang isang mag-aaral. Sa pagkalap ng estratehiyang Cloze Passage sa mga mag-aaral ng Baitang 10, maingat na ipinaliwanag ang mga kahulugan at mahahalagang konsepto. Ang Cloze Passage ay isang pamamaraan na kung saan tinatanggal ang mga salita mula sa isang teksto at ang mga respondente ay inaasahang punan ang mga espasyong iyon sa pamamagitan ng pagsagot sa paunang pagganap. Ang pagsasakatuparan ng ganitong pamamaraan ay naglalayong mapalalim ang kanilang kaalaman at kahusayan sa paggamit ng “ng” at “nang”. Nangangahulugan lamang ito na natatamo na ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng “nang” at “ng” sa mga sinukat na kompetensi dahil may natutunan rin sila sa proseso ng tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo.

Ngunit hindi maikaila na may puwang pang paunlarin ang kanilang kakayahan sa paggamit ng “nang” at “ng” sa paunang pagganap lalo na kung papalawakin at papalakasin ng guro ang kanyang pamamaran upang tuluyang lumabas ang galling at husay ng mga respondenteng mag-aaral sa paggamit ng “ng” at “nang” sa pagsusulat. Ang antas ng kakayahan ng mga respondente na nakuha ay maaari pang mahigitan. Sa katunayan, batay sa kanilang paunang pagganap, animnapung (60) mga respondenteng mag-aaral ay labing tatlo (13) ang nakakuha ng mahusay o mataas ang iskor, tatlumpung (30) ang katamtaman o neutral at labing pito (17) naman ang nakakuha ng pinakamababang iskor sa kanilang paunang pagganap. Ang bilang na ito ay hindi magkatugma pero mayroong pagbabago na nagaganap sa paunang pagganap. Kung lalo pang pag-igihan ng guro ang kanyang estratehiya sa paggamit ng “ng” at “nang”, higit na maipapakita ang galing at husay ang mga mag-aaral sa kakayahan sa paggamit ng “ng” at “nang” sa pagsusulat.

Ayon kina Abangan et al. (2020), may akda ng “Masining na Pagpapahayag”, ang wastong paggamit ng mga salita ay siyang tulay ng isang masining na pagpapahayag. Nabanggit ng mga may-akda na hindi maiiwasan na minsan ay maaring magkapalitan ang gamit ng ilang mga salita. Subalit kung susuriing mabuti ang kawastuhan ng gamit nito, matutuklasan nating tayo’y nagkamali kaya nararapat na pag-aralan ang wastong paggamit ng mga salita. Gayunpaman, mahalaga ring tandaan na ang piniling estratehiya ay dapat na akma sa paraan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pag-aaral na ito ay sumusuporta sa paggamit ng Cloze Passage sa pagpapalawak ng kanilang kakayahan at kahusayan sa wastong paggamit ng “ng” at “nang”. Bilang sa pagaaral na ito, ang paggamit ng Cloze Passage na estratehiya sa wastong paggamit ng “nang” at “ng” ay nakakatulong sa mga respondenteng mag-aaral upang linangin ang kanilang kakayahan sa wastong paggamit ng “ng” at “nang” na nagbibigay-diin sa kanilang paunang pagganap para mapahusay ito.

***Panghuling pagganap gamit ang cloze passage sa wastong paggamit ng “ng” at “nang”***

Ang pamamaraang Cloze Passage ay isang epektibong paraan sa pagtuturo ng tamang paggamit ng mga salitang "Nang" at "Ng" sa mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng paglalapat ng ganitong estratehiya, ang mga mag-aaral ay nahahasa sa kanilang kakayahan sa pagbuo ng mga pangungusap at paggamit ng tamang gramatika. Sa bawat pagsasanay na kanilang pinagdaraanan, sila ay inaasahang mapapalawak ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pagsusulat. Ang prosesong ito ay naglalayong hindi lamang sa pag-unawa sa tamang paggamit ng mga salita kundi pati na rin sa pagpapalawig ng kanilang abilidad sa iba't ibang aspeto ng pagsulat. Sa huli, ang paggamit ng Cloze Passage ay napaka-epektibong pamamaraan sa pagtuturo ng gramatika.

**Talahanayan 2**
*Antas ng kasanayan ng mga Respondenteng Mag-aaral sa Panghuling Pagganap gamit ang Cloze Passage sa Wastong Paggamit ng “ng” at “nang”*

| Scoring Range | Bilang ng mga respondenteng mag-aaral | Mean | Standard Deviation |
|---|---|---|---|
| 0-10 | 10 | 2.7 | 2.15 |
| 11-20 | 16 | 16.25 | 2.84 |
| 21-30 | 35 | 25.4 | 1.87 |

Legenda: 0-10 Kailangang Pahusayin, 11-20 Mahusay, 21-30 Napakahusay

Ito ay nagdudulot ng positibong epekto sa pagpapalalim ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng pagsusulat. Makikita sa Talahanayan 2 na ang mga respondente na sumagot sa panghuling pagganap ay meron sa kanila nakakuha ng maliit na marka samantalang may iba naman nakakakuha ng malaking marka. Nagpapahiwatig na mas marami ang nakakuha ng malaking marka kaysa sa mga nakakuha ng maliit na marka. Ibig sabihin na mas nagiging maalam ang mga respondente kung paano ang wastong paggamit sa "Ng at "Nang" sa mga pangungusap gamit ang estratihiya na Cloze Passage. Dito mas nakikita na nagiging epektibo ang paggamit ng Cloze Passage bilang isang paraan para mas mapadali ang pagkatuto ng mga respondente. Makikita sa mga datos kung gaano marami ang naging mahusay sa pagsagot sa panghuling pagganap.

Ipinapakita sa Talahanayan 3 na ang mga respondenteng mag-aaral ay nakakuha ng puntos sa pagitan ng 21 hanggang 30 (mean=25.4, sd=1.87), habang may mga respondenteng mag-aaral din na nakakuha ng puntos sa pagitan ng 11 hanggang 20 (mean=16.25, sd=2.84). Samantalang ang mababang puntos ng mga respondenteng

mag-aaral ay nakakuha ng puntos sa pagitan ng 0 hanggang 10 (mean=2.7, sd=2.15). Ipinapakita nito na kailangan pang paghusayan ang kasanayan ng mga respondenteng mag-aaral sa panghuling pagganap gamit ang Cloze Passage na estratehiya.

Batay sa datos, ang panghuling pagganap ng mga respondenteng magaaral ay umunlad sa kasanayan sa wastong paggamit ng "Ng" at "Nang" pagkatapos sa paggamit ng estratehiya na Cloze Passage. Isinaad ni Angelica (2021) na ang paggamit ng Cloze Passage bilang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino batay sa Nilalaman, Kaisahan, at Mekanismo sa pagsulat o wastong gamit ng mga salitang "Ng" at "Nang" sa pangungusap. Kailangang makabuo sila ng mga pamamaraang naangkop sa mga wastong paggamit ng "Ng" at "Nang" sa pangungusap. Kung kaya sa pag-aaral gamit ang estratehiyang Cloze Passage ay napatunayan ang kabisaan nito upang tulungan ang mga mag-aaral na malaman ang wastong estratehiya sa paggamit ng "Ng" at "Nang" sa isang pangungusap.

Sa pag-aaral na ito, ipinakita ng panghuling pagganap na ang paggamit ng estratehiyang Cloze Passage ay epektibo sa pagtuturo ng tamang paggamit ng "ng" at "nang" sa pangungusap. Sa tatlong saklaw ng iskor, tatlumpu't limang (35) estudyante ang nakakuha ng 21-30 na puntos, labing anim (16) ang nakakuha ng 11-20, at Sampu (10) ang nakakuha ng 0-10. Ipinapakita ng mga datos na ito na mas naging mahusay ang mga mag-aaral sa paggamit ng "ng" at "nang" matapos ang paggamit ng estratehiyang Cloze Passage. Sa kabilang banda, makatatawag pansin ang mga naging iskor ng mga respondenteng mag-aaral sa panghuling pagganap kung saan Labinganim (16) ang nakakuha ng mahusay at Tatlompu't (35) ang nakapahusay at Sampu (10) ang nakakuha ng kailangang paghusayin. Subalit masasabi pa rin sa pangkalahatan na mas umunlad ang wastong paggamit ng "Ng" at "Nang" sa pangungusap ng mga respondenteng mag-aaral sa baitang 10 sa pamantayang ito.

Sa kabuuan, nagpakita ng kahalagahan ng paggamit ng estratehiyang Cloze Passage sa pagtuturo ng wastong paggamit ng "Ng" at "Nang" sa pangungusap. Ipinakita ng talahanayan 3 na mayroong positibong epekto ang estratehiyang ito sa mga respondenteng mag-aaral at binibigyang-diin ng teksto ang kahalagahan ng estratehiyang close passage sa pagsusuri ng epekto nito sa pag-aaral. Sa pamamagitan ng paggamit ng estratehiyang Cloze Passage, mas nagiging epektibo ang pagtuturo ng mga konseptong gramatikal, tulad ng wastong paggamit ng "Ng" at "Nang". Nakikita sa mga resulta ng pag-aaral na ang mga mag-aaral ay mas nakakapag-aral ng mabuti at mas nakakaintindi ng mga konseptong ito kapag ginagamit ang estratehiyang ito. Bilang karagdagan, ang estratehiyang Cloze Passage ay nagbibigay ng isang interaktibong paraan ng pagtuturo, kung saan ang mga mag-aaral ay aktibong kasangkot sa proseso ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng pagpuno ng mga puwang sa mga pangungusap, ang mga mag-aaral ay nakakapagpraktis ng kanilang kaalaman at kasanayan sa paggamit ng mga konseptong gramatikal.

Sa huli, ang estratekhiyang Cloze Passage ay isang mahalagang kasangkapan sa pagtuturo ng mga konseptong gramatikal, na makakatulong sa mga mag-aaral na mas magaling na mag-aral at maintindihan ang mga konseptong ito. Sa pamamagitan ng paggamit ng estratekhiyang ito, ang mga guro ay maaaring magbigay ng isang mas epektibong at interaktibong paraan ng pagtuturo, na makakatulong sa mga mag-aaral na mas magaling na mag-aral at maintindihan ang mga konseptong ito.

***Pagkakaiba sa performans ng mga respondenteng mag-aaral pagkatapos ng paunang pagganap at panghuling pagganap***

Ang pagtukoy ng pagkakaiba sa pauna at panghuling pagganap ng mga respondenteng mag-aaral ng ika-sampung baitang sa Tayud National High School ay mahalaga sa pag-aaral na ito upang masuri ang epekto sa paggamit ng kumbensyunal na pamamaraan sa pagtuturo at estratehiyang Cloze Passage sa performans sa wastong paggamit ng mga salitang "nang" at "ng" sa pangungusap. Batay sa mga nalikom na datos mula talahanayan 2 at 3, sa talahanayan na ito sinuri ang kanilang kabuuan upang makita ang mga mahahalagang pattern na nagmula sa mga naunang datos. Nagpapakita ito ng mga pangunahing kaalaman at kahusayan ng mga respondente sa paggamit ng "nang" at "ng" sa parehong pauna at panghuling pagganap.

**Talahanayan 3**

*Pagkakaiba sa Performans ng mga Respondenteng Mag-aaral Pagkatapos ng Pauna at Panghuling Pagganap*

| | Mean | Deskripsyon | P Value | Desisyon |
|---|---|---|---|---|
| Paunang Pagganap | 14.41 | Mahusay | 0.001 | Significant |
| Panghuling Pagganap | 19.28 | Mahusay | | |

Legenda: 0-10 Kailangang Pahusayin, 11-20 Mahusay, 21-30 Napakahusay

Ang mean ng mga mag-aaral sa paunang pagganap ay (14.41) ibig sabihin mahusay ang mga mag-aaral sa ginawang pagsasanay bago pa man nagkaroon ng malalim na kaalaman sa paggamit ng “nang” at “ng”. Sa kabilang banda (19.28) sa panghuling pagganap ng mga mag-aaral ay mahusay. Mula sa mga nalikom na datos sa Talahanayan 2 sa pagkuha ng mean at standard deviation ng pauna at panghuling pagganap na parehong mahusay ang kinalabasan ng mga pagtataya. Sa Talahanayan 3 na sinuri ang Scoring Range upang makuha ang mean at standard deviation na mayroong tatlumpu’t lima (35) sa animnapung (60) mag-aaral ang nakakuha ng dalawampu’t isa at tatlumpung (21-30) marka bilang mahusay. Ibig sabihin sa parehong test na ito ang mga mag-aaral ng ikasampung baitang mula sa Tayud National High School ay may sapat na karunungan at kawastuhan sa paggamit ng “nang” at “ng”.

Pinatunayan ni Paul Kuehn (2024), sa pagkuha ng paunang pagganap hindi inaasahang alam ng mga mag-aaral ang sagot sa lahat ng mga tanong; gayunpaman, dapat nilang gamitin ang dati nilang kaalaman upang magpahula ng mga makatuwirang sagot. Sa pagkuha ng parehong pagsusulit na tinatawag na panghuling pagganap sa dulo ng pagsusulit, dapat asahan na mas maraming tanong ang kanilang masasagot nang tama batay sa pagtaas ng kaalaman at pagunawa. Ang parehong grupo ng mga mag-aaral ay sinuri sa eksaktong parehong pagsusulit sa kaalaman bago at pagkatapos ng parehong pagsasanay; sa ibang salita, ang mga mag-aaral ay nagbahagi sa isang paunang pagganap /panghuling pagganap nang walang kontrol na grupo ng pagsusuri ng pagsasanay. Nang mas tukuyin, ginamit ang isang independent samples t-test upang malaman kung mayroong mga makabuluhang pagbabago sa mga pangkaraniwang marka.

Ayon kay Santos (2019), sa kanyang pag-aaral natuklasan niya na mayroong makabuluhang pag-unlad sa kaalaman ng mga estudyante tungkol sa tamang paggamit ng “ng” at “nang” matapos isagawa ang isang serye ng mga leksyon at pagsasanay. Sa paunang pagganap, napansin niya na karamihan sa mga magaaral ay nagkakaroon ng pagkakamali sa tamang paggamit ng mga salitang ito, na nagpapakita ng kanilang mababang antas ng kaalaman. Gayunpaman, pagkatapos ng interbensyon sa anyo ng mga detalyadong leksyon at praktikal na pagsusulit, ang panghuling pagganap ay nagpakita ng mataas na antas na nagpapahiwatig na ang sistematikong pagtuturo ay epektibo sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan. Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng tamang instruksyon at pagsusuri upang mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral.

Ipinapakita sa datos na ito na kung ang pagtuturo ng gramatika ay nakabatay sa nilalaman, makabuluhan, nakakonteksto, at nakabatay sa diskurso sa halip na nakabatay sa pangungusap, binibigyan nito ang mga mag-aaral ng kakayahang makipag-usap nang komportable at epektibo sa parehong sinasalita at nakasulat na wika (Panahi, 2020). Sinasabi nila na hindi mahalaga kung mali ang gramatika mo basta ipahayag mo ang gusto mo. Gayunpaman, kapag ito ay ginamit sa hindi wastong paraan, hindi mo maiparating nang maayos ang iyong ideya at dahil dito, maaaring magkaiba ang kahulugan sa paraan ng kanilang pagkaunawa.

Sa kabuuan, ipinapakita ng Talahanayan 3 na may makabuluhang pagkakaiba ang resulta ng paunang pagganap at panghuling pagganap, kung saan ginamit ang Cloze Passage sa pagsusuri ng kawastuhan sa paggamit ng “nang” at “ng” ng mga mag-aaral sa Tayud National High School. Gayunpaman, nagiging posible na makilala ang mga mag-aaral na mahina at may kaalaman sa paggamit ng “nang” at “ng.” Ang mga mag-aaral na nagpapakita ng mababang marka ay maaaring mabigyan ng karagdagang suporta. Sa pamamagitan ng isang paunang pagganap, maaaring makilala ang mga nahihirapan, na nagbibigay-daan sa mas mahusay na pagpaplano para sa panghuling pagganap, kaya ang mga naging resulta ay parehong nakakuha ng antas na mahusay.

***Saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng cloze passage bilang estratehiya sa wastong sa paggamit ng "nang" at "ng"***

Ang paggamit ng angkop na estratehiya sa kawastuhan sa paggamit ng "ng" at "nang" ay mahalaga sa pagkamit ng interes sa wastong pagsulat ng "ng" at "nang" sa pangungusap. Kaya sinuri ng mananaliksik ang epekto ng paggamit ng estratehiyang Cloze Passage sa wastong paggamit ng "ng" at "nang" sa pagsusulat.

**Talahanayan 4**
*Kasanayan sa paggamit ng "nang" at "ng"*

| Kasanayan sa paggamit ng "nang" at "ng" | Mean | Standard Deviation | Interpretation |
|---|---|---|---|
| Ang paggamit ng *Cloze Passage* ay nakatulong sa akin na mas maunawaan ang tamang paggamit ng "Nang" at "Ng". | 4.70 | 0.66 | Lubos na Sumasangayon |
| Ang *Cloze Passage* ay isang epektibong paraan upang matutunan ang pagkakaiba ng "Nang" at "Ng". | 4.49 | 1.05 | Lubos na Sumasangayon |
| Naging madali para sa akin ang pagpupuno ng mga nawawalang salita sa *Cloze Passage*. | 4.20 | 1.27 | Sumasangayon |
| Ang paggamit ng *Cloze Passage* ay nakatulong upang mapabuti ang aking kasanayan sa pagsusulat. | 4.44 | 1.06 | Lubos na Sumasangayon |
| Mas nais kong gamitin ang *Cloze Passage* kaysa sa iba pang mga paraan ng pagkatuto tungkol sa "Nang" at "Ng". | 4.10 | 1.26 | Sumasangayon |
| Ang *Cloze Passage* ay nakatulong upang mas malinaw kong makita ang mga kamalian ko sa paggamit ng "Nang" at "Ng". | 4.30 | 1.64 | Lubos na Sumasangayon |
| =Naging mas aktibo ang aking pakikilahok sa klase dahil sa paggamit ng *Cloze Passage*. | 3.44 | 1.40 | Sumasangayon |
| Ang *Cloze Passage* ay nakatulong upang mas maging tiyak ako sa paggamit ng "Nang" at "Ng" sa pangungusap. | 4.23 | 1.44 | Lubos na Sumasangayon |
| Naging mas kawili-wili ang pag-aaral ng "Nang" at "Ng" dahil sa *Cloze Passage*. | 4.21 | 1.26 | Lubos na Sumasangayon |
| Nais ko pang gamitin ang *Cloze Passage* sa iba pang aspeto ng pagkatuto ng Filipino. | 4.46 | 1.10 | Lubos na Sumasangayon |
| Mean Response | 4.26 | 1.21 | Lubos na Sumasangayon |

Legenda: 1.00-1.80 – Lubos na Di Sumasang-ayon: 1.81-2.60 – Hindi Sumasang-ayon; 2.61- 3.40 – Neutral/Niyutral; 3.41-4.20 – Sumasang-yon; 4.21-5.00 – Lubos na Sumasang-ayon

Ipinapakita sa talahanayan 5 na lubos na sumasang-ayon ang naging saloobin ng mga mag-aaral sa paggamit ng Cloze Passage bilang estratehiya sa wastong paggamit ng "ng" at "nang" batay sa resulta (mean= 4.26, sd= 1.21). Batay sa mga datos na ito, mas nalilinang ang kasanayan sa paggamit ng "ng" at "nang" ng mga respondenteng mag-aaral gamit ang estratehiyang Cloza Passage. Makikita na inilahad na datos na ang limampu (50) na mga respondente ay lubos na sumasang-ayon na ang paggamit ng Cloze Passage ay nakatulong sa kanila na mas maunawaan ang tamang paggamit ng "Nang" at "Ng" samantalang apat (4) ang sumasang-ayon at anim

(6) ang niyutral. Makikita rin na mas nailalahad nila nang maigi ang paggamit ng Cloze Passage dahil nakatulong ito upang mapabuti ang kanilang kasanayan sa pagsusulat. Sa katunayan ay apatnapu't dalawa (42) sa mga respondente ang nagsasabing sila ay lubos na sumasang-ayon sa bahaging ito. Masusuri rin sa datos na ang mga respondenteng ito ay lubos na sumasang ayon sa paggamit ng Cloze Passage na isang epektibong paraan upang matutunan ang pagkakaiba ng "Nang" at "Ng". Mapapansin rin sa datos na ang apatnapu't lima (45) sa mga respondent ay lubos na sumasang-ayon na nais nilang gamitin ang Cloze Passage sa iba pang aspeto ng pagkatuto ng Filipino.

Ayon kay Carada (2024) Ang Cloze Passage ay isang estratehiya sa pagtuturo ng kawastuhan sa paggamit ng "ng" at "nang" ang layunin nito ay mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng salita, bantas at pagbaybay ng salita. Sa pamamagitan ng Cloze Passage inaasahang mapayabong ang nilalaman at kaisahan ng mga mga mag-aaral. Sa makabagong panahon maraming mga mag-aaral ang nahihirapan sa wastong paggamit ng " nang " at " ng" kaya ang saloobin nila ay napakahalaga sa mga mananaliksik upang magamit ang Cloze Passage na estratehiya. Ayon kay Maligalig (2021), ang asignaturang Filipino ay kabilang sa K to 12 Curriculum na idinisenyo ng mga eskperto sa Kagawaran ng Edukasyon upang mapalawak ang kaalaman ng bawat Filipino patungkol sa sariling wika at ang mga kagamitan nito. Sa kasalukuyan, maraming mag-aaral ang nahihirapan sa Asignaturang Filipino at maging pagpapahayag ng kanilang mga ideya at saloobin sa paraang pasulat ay apektado. Kapansin-pansin na nawawalan sila ng kawilihan, kadalasang hindi pinakikinggan ang mga aralin at kinatatamaran ang pagsulat kung nakasusulat man ay kulang sa kasanayan. Kaya't Cloze Passage bilang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino upang mapabuti ang kanilang paggamit ng "ng" at "nang". Ayon kay Harland (2019), namamanipula sa Static Group Comparison Design na pagsusuri ang isang baryabol at sinusuri ang epekto nito sa saloobin ng mga mag-aaral gamit ang estratehiyang Cloze Passage. Sa pag-aral ang estratehiya ang namamanipula at tinukoy ang epekto nito sa kasanayan sa paggamit ng "ng" at "nang" batay sa nilalaman, kaisahan, mekanismo sa pagsulat: wastong gamit ng salita, wastong gamit ng bantas at pagbaybay ng salita.

Bilang implikasyon ng mga natuklasan, napatunayan ng mananaliksik na positibo ang epekto ng paggamit ng Cloze Passage sa wastong paggamit ng "ng" at "nang" ng mga respondenteng mag-aaral. Sa katunayan, ang interpretasyon sa mga datos mula sa lahat ng aytem ay nagpapakita ng lubos na pagsang-ayon sa epekto ng Cloze Passage sa kanilang pag-unawa at paggamit ng mga nabanggit na salita. Sa kabuuan, ang talahanayang ito ay nagpapakita ng limang positibong epekto ng Cloze Passage sa pagpapahusay ng kasanayan sa paggamit ng "ng" at "nang" ng mga respondente sa pagsusulat.

## 4. Konklusyon at Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral na ito, na ang estratehiyang Cloze Passage ay makatutulong sa paghahasa sa kasanayan sa kawastuhan sa paggamit ng “nang” at “ng” ng mga mag-aaral. Nakita rin na ang mga mag-aaral ay mas nagkaroon ng interes sa wastong paggamit ng “nang” at “ng” at napananatili ang kanilang kawilihan sa wastong paggamit ng mga ito. Dagdag pa, ang estratehiyang Cloze Passage ay epektibong gamitin bilang estratehiya sa pagtuturo ng wastong paggamit ng “nang” at “ng” upang mapukaw ang interes at malinang pang lalo ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga ito.

Sa pamamagitan ng estratehiyang ito, nagkaroon ng malaking pagbabago sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng “nang” at “ng”. Ang mga mag-aaral ay naging mas aktibo sa mga gawain sa klase at nagkaroon ng pagkakataon na ipakita ang kanilang kaalaman sa wastong paggamit ng mga ito. Bukod dito, ang estratehiyang Cloze Passage ay nagbigay ng oportunidad sa mga mag-aaral na magtrabaho nang sama-sama at magtulungan sa pagbuo ng mga pangungusap na wasto ang paggamit ng “nang” at “ng”. Ang pag-aaral na ito ay nagbibigay ng mahalagang implikasyon sa mga guro at mag-aaral. Para sa mga guro, maaaring gamitin ang estratehiyang Cloze Passage upang mapabuti ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng "nang" at "ng". Maaari rin magbuo ng mga gawain na nagpapalakas sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa wastong paggamit ng mga ito. Bukod dito, maaaring hikayatin ng mga guro ang pagtutulungan at kolaborasyon sa mga mag-aaral upang mapabuti ang kanilang kasanayan.

Para sa mga mag-aaral, maaaring tumaas ang antas ng kasanayan sa wastong paggamit ng "nang" at "ng" sa pamamagitan ng estratehiyang Cloze Passage. Maaari rin magkaroon ng interes at kawilihan sa wastong paggamit ng mga ito, at magkaroon ng pagkakataon na ipakita ang kanilang kaalaman. Sa pangkalahatan, ang estratehiyang Cloze Passage ay maaaring makatulong sa mga mag-aaral na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa wastong paggamit ng "nang" at "ng" at maging mas aktibo sa mga gawain sa klase. Batay sa mga natuklasan at kongklusyon, napagpasyahan ng mananaliksik ang mga sumusunod na mungkahi na maaaring gawin: (1) Kailangang gumamit ang guro ng angkop na estratehiya sa pagtuturo ng kawastuhan sa paggamit ng “nang” at “ng” sa mga mag-aaral. Maaari pang palawakin ang kaalaman sa pamamagitan ng pangangalap ng mga estratehiyang aangkop sa antas na tinuturuan. (2) Inirerekomenda ng mga mananaliksik ang paggamit ng estratehiyang Cloze Passage sa pagtuturo sa mga mag-aaral sapagkat nakatutulong ito sa pagdedebelop sa kanilang kasanayan sa wastong paggamit ng “nang” at “ng” sa pagbuo ng mga pangungusap. (3) Mas maiging gamitin ang estratehiyang Cloze Passage kaysa kumbensyunal na paraan ng pagtuturo sa wastong paggamit ng “nang” at “ng” dahil mas mataas ang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral gamit ang estratehiyang ito. (4) Higit na mainam gamitin ang nabuong awtput sa pag-aaral na ito bilang gabay ng mga guro sa pagtuturo sa wastong paggamit ng “nang” at “ng” sa mga mag-aaral.

## 5. References


Artizo, J. E. (2015). Mga batas pangwika. SlideShare. https://www.slideshare.net/bbartizo/mga-batas-pangwika-47280923

Asas, C. J. (2022). Wastong gamit ng "ng" at "nang" (2). Scribd. https://www.scribd.com/document/447213949/wastong-gamit-ng-ng-atnang-2-1

Carnine, D., Kameenui, E. J., & Coyne, G. (1984). Utilization of contextual information in determining the meaning of unfamiliar words. Reading Research Quarterly, 19(2), 188-204.

Ceniza, M. J. (2022). Cloze Passage sa pagtuturo ng Filipino at kasanayan sa pagsulat ng sanaysay. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/358522327_CLOZE_PASSAGE_SA_PAGTUTURO_NG_FILIPINO_AT_KASANAYAN_SA_PAGSULAT_ NG_SANAYSAY

Co, H. (2019). Wastong gamit ng "ng" at "nang". Scribd. https://www.scribd.com/document/415681982/Wastong-Gamit-Ng-Ng-atNang-1-1

Fukkink, R. G., & de Glopper, K. (1998). Effects of instruction in deriving word meaning from context: A meta-analysis. Review of Educational Research, 68, 450-469.

Lantaca, K. L. (2021). Rep 11 A8. Scribd. https://www.scribd.com/document/526665882/Rep-11-A8

Misa, R. M. (2021). Title of the article. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 5(10), 586-568. https://www.ajhssr.com/wpcontent/uploads/2021/10/I215105868.pdf

Nash, H., & Snowling, M. (2006). Teaching new words to children with poor existing vocabulary knowledge: A controlled evaluation of the definition and context methods. International Journal of Language & Communication Disorders, 41, 335-354.

Pagpili ng wastong salita: Ponolohiya at morpolohiya. (2020). StuDocu. https://www.studocu.com/ph/document/cagayan-de-oro-college/musicand-art/pagpili-ng-wastong-salita-ponolohiya-at-morpolohiya/33286149

Santos, J. (2018). Nang vs ng. SlideShare. https://www.slideshare.net/microangel03/nang-vs-ng

Wisconsin Department of Public Instruction. (n.d). 6-12 L.VAU Cloze Passage. https://dpi.wi.gov/sites/default/files/imce/ela/bank/612_L.VAU_Cloze_Pass age.pdf